SAGISAG NG SANGGUNIANG BAYAN
BUSTOS, BULACAN

# KAPASIYAHAN BLG. 2023-175

**"NAGPAPATIBAY SA CHILD-CENTERED DISASTER RISK REDUCTION MANAGEMENT PLAN NG BAYAN NG BUSTOS, BULACAN PARA SA TAONG 2024-2026."**

*Pinagtibay sa pagtataguyod ni:*

**Igg. Leo T. Santos**

**SAPAGKA'T,** layunin ng Child-Centered Disaster Risk Reduction Management Plan na itatag ang isang ligtas sa kalikasan na komunidad ng mga Bustosenyo na may kasanayan para sa apat na yugto ng pagsugpo at pamamahala sa panganib ng kalamidad - paghahanda, pagsasaayos, pagtugon, at pagbawi, na maaaring magbigay ng pinakamataas na katatagan at proteksyon sa lahat ng mamamayan laban sa anumang uri ng kalamidad sa lahat ng oras;

**SAPAGKA'T,** layunin din nito ang patuloy na espesyal na pagbibigay-pansin sa mga nanganganib na grupo ng mga taong may mga espesyal na pangangailangan, senior citizen, kababaihan, at mga bata;

**SAPAGKA'T**, sa ginawang pag-aaral ay napatunayang ang pagtatag ng isang ligtas sa kalikasan na komunidad na may kasanayan sa DRRM ay nagbibigay ng pangmatagalang benepisyo para sa kaligtasan, kaunlaran, at kabuuang kagalingan ng komunidad.

**KUNG KAYA'T,** sa pagtataguyod ni **IGG. LEO T. SANTOS** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, na pagtibayin ang Child-Centered Disaster Risk Reduction Management Plan ng bayan ng Bustos, Bulacan para sa taong 2024-2026.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-14 ng Nobyembre taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

| | |
|---|---|
| **Marie Niña Nikkie Perez, MA**<br>Kasangguni | **Leo T. Santos**<br>Kasangguni |
| **Phillip Wryner B. Santos**<br>Kasangguni | **Juliet DJ. Dela Cruz**<br>Kasangguni |
| **Aljhaneal E. Quiñones**<br>Kasangguni | **Soliman C. Santos**<br>Kasangguni |
| **Wilfredo G. Canoza**<br>Kasangguni | **John Erick L. Perez**<br>Kasangguni |

**PINAGTITIBAY:**

**Martin SJ. Angeles**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

**SERTIPIKASYON:**

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-14 ng Nobyembre taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim